

Kaligtasan ng mga Matatanda

Ang pakiramdam na ligtas ka sa iyong sariling bahay ay mahalaga para sa iyong kalusugan at kapakanan. Bilang isang matanda, mahalaga na masiyahan ka sa iyong bahay, komunidad at estilo ng pamumuhay nang may ginhawa at seguridad.



Kung may kasalukuyang krimen na nangyayari, tawagan ang Tripleng Zero (000).

Kung hindi naman, isaisip ang Policelink 131 444

o mag-report online o sa pamamagitan ng Policelink app.

Hanapin kami sa

www.police.qld.gov.au

Para sa mga balita at mga abiso mag-sign up (sumali) sa myPolice.qld.gov.au

 /queenslandpolice

 @qldpolice

 @qldpolice

Ang magagawa mo

May ilang mga hakbang na maaari mong gawin upang pangalagaan ang iyong kaligtasan at seguridad.

- Kung mayroon kang listahan ng phonebook, ilista lamang ang iyong mga inisyal at apelyido upang limitahan ang mga personal na impormasyon na maaaring makuha.
- Kung gumagamit ka ng answering machine, tiyaking nag-iwan ka ng mensahe na nagsasabing tatawagan ka 'namin' kung ikaw ay mag-isa lang sa bahay.
- Kung ikaw at ang iyong pamilya ay nag-uusap sa internet sa pamamagitan ng social media, siguraduhing hindi ka nagbibigay ng mga personal na detalye tulad ng iyong tirahan o numero ng telepono.
- Maging maingat tungkol sa impormasyong ibinibigay mo sa mga taong hindi mo kilala - huwag sabihin sa kanila kung saan ka nakatira o kung kailan ka wala sa bahay at huwag magbigay ng anumang personal, pampamilya o pinansyal na impormasyon.
- Kapag namimili, iwasan ang pagdala ng malaking halaga ng pera at huwag kailanman iwan ang iyong handbag, pitaka o personal na mga gamit nang walang bantay o sa shopping trolly o sa aparato ng pagkilos (mobility device).
- Kung naglalakbay ka sa pampublikong sasakyan, tiyakin na umuupo ka kung saan nakikita mo at nakikita ka ng tsuper o guard at lagi munang alamin ang iskedyul ng biyahe ng mga sasakyan upang maiwasan ang matagalang paghihintay.
- Sa iyong telepono, i-program mo ang mga contact number ng isang kamag-anak, kapitbahay o malapit na kaibigan na maaari mong kontakin kung kailangan mo ng tulong. I-program din ang numero ng emerhensiya, Tripleng Zero (000).
- Kung nakatanggap ka ng sulat, email o mga tawag sa telepono na humihingi ng pera, kahit na para sa kawanggawa, beripikahin muna kung saan nagmula ang kahilingan bago mag-ambag. Kung hindi ka sigurado, kontakin ang istasyon ng pulisya sa inyong lugar.

Laging tandaan

Umastang may kompiyansa at tiwala sa sarili sa lahat ng oras. Ayon sa pananaliksik, ang mga taong umaastang may kompiyansa at pinag-iingatan ang personal na kaligtasan ay mas malamang na hindi maging biktima ng krimen.

Pag-isipang magpakabit ng sistema ng alarma sa iyong bahay, lalo na kung ikaw ay nag-iisa sa bahay, upang maprotektahan ang iyong bahay at personal na kaligtasan. Ang mga medikal o personal na sistema ng alarma ay magandang ideya na dapat isaalang-alang at madaling magpakabit nito. Maraming mga opsiyon na makukuha, depende sa iyong personal na mga pangangailangan.

